# Salaysay ni Gg. Felix "Ka Jhun" Pascua, Jr.

**Felix "Ka Jhun" Pascua, Jr.**, 52 years old, kasalukuyang taga General Nakar, Quezon Province, isang magsasaka at National Spokesperson ng Pambansang Katipunan ng Makabayang Magbubukid (PKMM) o National Union of Patriotic Peasants.

*(Ang Salaysay ni Gg. Felix "Ka Jhun" Pascua, Jr. ay kinuha noong ika-27 ng Pebrero 2018 sa loob ng Seattle's Best sa Matalino, Diliman, Quezon at noong ika-13 Marso 2018 sa Wheatberry 80 Scout Castor Street, Diliman, Quezon City nila Attys. Zelda DT. Soriano at Hasminah D. Paudac, kasama sila Bb. Anna Dominique Esmeralda at Bb. Veronica Cabe, isa sa mga naghain ng Petisyon.)*

**Q1: Nabanggit ninyo po na kayo ay National Spokesperson ng Pambansang Katipunan ng Makabayang Magbubukid (PKMM) o National Union of Patriotic Peasant. Ano po ang adbokasiya o misyon ng inyong samahan?**
A1: Isinusulong po namin ang interes at kapakanan ng mga magbubukid na humaharap sa iba't ibang problema.

**Q2: Tulad ng mga anong problema po?**
A2: Land grabbing, displacement dahil sa development aggression, kontrol ng korporasyon sa seed at agrikultura, kawalan ng kapital sa produksyon, mahinang ani, mababang kita, pagkakabaon sa utang, at iba pa... sa panahon ngayon ang pagsasaka ay parang sumusugal na lang... na mas malaki ang tyansang matatalo.

**Q3: Sa panahon ngayon... hindi po ganyan dati?**
A3: Malaki ang pagkakaiba.

**Q4: Ano ang malaking pagkakaiba?**
A4: Mula 1980s, nagdadalawang-cropping na kasi mababa ang ani at kita pero mataas ang gastos sa produksyon. Nabago na ang panahon ng pagtatanim. Dati, pagpasok ng buwan ng Mayo, nag-aararo na kami dahil may ulan na na nagpapalambot ng lupa at hudyat na iyon ng simula ng planting season. Sa ngayon, nag-uulyanin na ang panahon. Hunyo na madalang pa ang ulan. Dahil atrasado ang ulan, atrasado ang pagtatanim. Dahil atrasado ang pagtatanim, inaabot ang tanim ng mga buwan ng tag-bagyo. Dahil panahon na ng tag-bagyo, mas mataas na yung tsansa na babagyuhin yung nagbubuntis na palay at masisira ang ani. Dahil diyan, baon na naman kami sa utang at wala na naman kaming kapital. Kung hindi naman sobrang ulan at bagyo, kalaban din namin ang tagtuyot.

May mga lugar na hindi ka makapag-ani ng palay. Hindi ka makapagbunga ng iyong tanim. Dahil sa tindi ng init at lakas ng mga ulan. Ang karaniwang tinatamaan ay iyong "main crop" kasi matindi ang bagyo sa panahong iyon. Sa "second crop" lang nakakabawi kahit paano kasi Pebrero, Marso, at Abril

hindi gaano nabagyo lagi. Pero paiba-iba na rin ngayon. Hindi mo na rin matukoy.

**Q5: In the average po, gaano kalaki ang nawawalang ani o kita dahil sa damage na dulot ng masamang panahon na iyong isinilaysay?**

A5: Dati kasi mga 100 kaban ng palay ang naaani namin kada ektarya—bago ang 1980s. Mula 1980s, pababa na nang pababa. Sa ngayon mga 60 hanggang 70 kaban na lang kada ektarya... kaya parang 30 kaban ang nasisira ng sobrang init, sobrang ulan, delayed na pagpasok ng tag-ulan at yung sobrang malalakas na bagyo... kada ektarya kada taon.

**Q6: Bakit mayroong dalawang uri ng cropping?**

A6: Dahil sa kalamidad, halos kalahati ng produksyon nawawala. Umiiyak ang mga mambubukid. Pambayad utang na rin kasi wala gaanong naani o hindi sapat ang ani sa unang cropping. Ang deskripsyon dati, umani ka ngayon sa main crop mo, nakapag-imbak ka pa sa garong o bodega mo. Noong 1970s isang cropping sapat na, ngayon hindi na. Kailangan mo mag-second crop para makabawi sa unang crop na kalahati ay nasira o kaunti ang naani dahil sa masamang panahon.

**Q7: Ano po ang epekto nito (ng kabawasan sa ani at kita dahil sa masamang panahon) sa mga miyembro ninyong magsasaka?**

A7: Kapag nadaanan ng kalamidad ang aanhing palay, gulay at iba pang pananim ay mababaon sa utang ang mga magsasaka, masasakripisyo ang pagkain ng pamilya, ang pag-aaral ng mga anak. Ang masaklap dito ay mababaon sa utang… pag nabaon sa utang kadalasan mai-elit ang lupa ng mga pinagka-utangan na kadalasang nangyayari sa ngayon… manggagawa o trabahador nalang ang dating may-ari ng lupa. Kadalasan kung tawagin sila ay barok sa Nueva Ecija. Dahil sa sitwasyong ito marami sa mga magsasaka sa ngayon ang inaabanduna na ang pagsasaka o ayaw na nilang isalin sa kanilang mga anak ang pagiging magsasaka.

**Q8: Sa inyo pong sariling karanasan? Ano ang epekto sa iyo at iyong pamilya?**

A8: Pagkabaon namin sa utang ay kahulugan ng pagkalugmok naming sa kahirapan. Ang pinakamasaklap dito'y nawala na sa amin an gaming bukid kaya an gaming pamilya ay nakikisaka o umuupa na lang.

**Q9: Sa ganitong pagkakataon na nasasalanta ang inyong mga pananim, mayroon ba kayong tulong pinansyal na nakukuha sa lokal na pamahalaan?**

A9: Walang makunan na pondo pagnasalanta. Ang sagot kasi ng gobyerno ay "crop insurance." Ang nai-insure lang ay kalahati, hindi buo. Hindi nakukuha o narerecover ng magsasaka iyong kalahati, kaya uutang siya para sa kalahati. Nalulubog sila sa utang dahil doon kasi kailangan din nila ng pondo para makapagtanim sa ikalawang cropping. Dasal na lang ang ginagawa ng mga mambubukid.

**Q10: Mayroon pa ba kayong nakikitang pagbabago sa buhay ng isang magsasaka noon at sa ngayon?**

A10: Magastos ang produksyon. Dati may 10,000 hanggang 15,000 kang pera, pwede na. Ngayon, doble o triple. Mga 30,000 sa isang hektarya dahil kailangan mo ng patubig dahil sa tindi ng init, tuyot na ang lupa. Pag-ani mo, bitak-bitak na ang lupa na hindi mo na mataniman. Liban dito, pati sistema ng pagsasaka nabago.

**Q11: Sa anong paraan nabago ang sistema ng pagsasaka?**

A11: Sa tindi ng init, grabe ang hapdi sa balat ng araw. Bumaba talaga iyong "productivity." Dati pwede ka lumagi sa sakahan ng mas matagal, kahit alas-kwatro (4:00) ng hapon. Ngayon, hindi na kaya sa sobrang init.

**Q12: Gaano po kalaki ang inyong samahan?**

A12: Humigit-kumulang 10,000 kami nationwide. Malaki ang konsentrasyon namin sa Luzon.

**Q13: Bilang National Spokesperson ng inyong samahan, ano iyong mga hinaing na naririnig mo sa inyong mga miyembro?**

A13: Sa Southern Tagalog, sa Quezon at Aurora, extreme weather ang problema roon. Sa Central Luzon at Cotabato, matinding init at tagtuyot. Sa Samar at Leyte matitinding bagyo na nanalanta sa mga tanim. Sa Nueva Ecija naman iyong epekto ng Pantabangan dam.

**Q14: Mayroon pa po ba kayong nais sabihin bukod sa inyong mga nasabi na?**

A14: Karapatan ng tao ang makakain, magkaroon ng tirahan, magkaroon ng kabuhayan. Ngayon dahil sa climate change, lumala na ang kundisyon. Mahirap makamtan ang mga ito. Nahihirapan ang mga tao sa pagkain, kabuhayan, pati sa tirahan.

**Q15: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?**

A15: Opo.

3-17-2018

**Felix "Ka Jhun" Pascua, Jr.**